

Ateneo de Manila University

Archium Ateneo

Filipino Faculty Publications

Filipino Department

2016

“Taksil daw ang Tagasalin?” Isang Pag-unawa sa Pagsasalin bilang Disiplina

Michael M. Coroza

Follow this and additional works at: <https://archium.ateneo.edu/filipino-faculty-pubs>



Part of the [Modern Languages Commons](#), and the [Translation Studies Commons](#)

“Taksil daw ang Tagasalin?”

Isang Pag-unawa sa Pagsasalin bilang Disiplina

Michael M. Coroza

Abstrak

Sa papel na ito, inilalatag kung paano dapat pahalagahan at isapraktika ang pagsasalin bilang isang lehitimong larang o disiplina. Sa simula, ipinakikita na walang hindi pagsasalin sa lahat ng aktibidad ng táong nagsisikap umunawa at magpaunawa sa lahat ng kaniyang ginagawa. Hahantong ang pagtalakay sa pagbibigay-diin na lampas sa pagiging lingguwistiko ang pagsasalin at mataas na kasanayang intelektuwal at karunungan pangkultura ang hinihingi nito sa sinumang naghahangad na maging tagasalin na walang pagsalang magtataksil sapagkat hindi kailanman makaiiwas sa mga pagtatakda ng paglikha o muling pag-akda. Dahil muling pag-akda, isang kabalintunaan na orihinal ang salin kayâ nakahuhulagpos ang tagasalin sa paratang na taksil.

This paper demonstrates how to appreciate and carry out translation as a legitimate field and discipline. It begins by showing that humans inevitably employ translation in all their efforts to understand and be understood. The discussion eventually underscores that translation is beyond linguistics and it exacts exceptional intellectual skills and cultural proficiency from someone who wishes to become a translator, which necessarily turns traitor when subjected to the demands of creation and re-creation. As a re-creation, the translation paradoxically becomes the original, and thus the translator circumvents the charge of being a traitor.

Mga Susing Salita: Pagsasalin, Tagasalin, Araling salin, Linguistics, Semyotika, Pagpapakahulugan

Keywords: Translation, Translator, Translation Studies, Linguistics, Semiotics, Explication

Ibig kong magsimula sa isang sipi mula kay Rolando S. Tinio, Pambansang Alagad ng Sining at gurong nagtatag noong 1975 ng Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila. Puná niya tungkol sa kalagayan ng pagsasalin sa akademya:

Why academe has not faced up to the work of translation owes to its lack of priority and premium as academic act. It is not seen as at par with original research and writing. Our academicians make light of the fact that at least half of all intellectual progress in the English-reading world has been possible only because of a systematic process of translating foreign works into English. They forget that so many books they have studied and taught were not originally written in English.

(Kung bakit hindi hinaharap ng akademya ang pagsasalin ay dahil sa kawalan nito ng halaga at kalidad bilang gawaing akademiko. Hindi ito nakikitang kapantay ng orihinal na pananaliksik o pagsusulat. Binabalewala ng ating mga akademiko ang katotohanan na ang higit-kumulang sa kalahati ng lahat ng intelektuwal na pagsulong sa daigdig ng mambabasa sa Ingles ay nangyari lamang dahil sa isang sistematikong proseso ng pagsasalin sa Ingles ng mga banyagang akda. Nalilimutan nila na hindi sa Ingles orihinal na sinulat ang marami sa mga aklat na pinag-aaralan at itinuturo nila. (Tinio 52, akin ang salin).

Reaksiyon ito ni Tinio sa mga kontra-Filipino na nagsasabing walang matitinigong aklat na magagamit sa edukasyon kung ipatutupad sa mga paaralan ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo. Dahil nga may kakulangan, malinaw para kay Tinio na isang malaking pangangailangan ang pagsasalin para sa mahusay na pagpapatupad ng patakarang bilingguwal ng edukasyon sa Filipinas. Ngunit, gaya ng natumbok niya, walang masyadong may gustong magsalin lalo na mula sa hanay ng mga akademiko sapagkat hindi ito nakikitang “marangal na gawain” kung ikokompara sa “orihinal na pag-akda.” At, tulad ng dapat asahan sa mga doble-talim na banat ni Tinio, tulad nito, naibalik niya sa mga nanlalait sa pagsasalin ang paglait. Supalpal sa sinumang nagmamagaling na naging edukado sa wikang Ingles na ang pagkatuto niya sa wikang ito ay ibinunga ng pagsasalin. Ano, kung gayon, ang mababà sa pagsasalin? Sadyang hindi nga ba ito akademikong gawain?

Umakyat pa sa susunod na antas ang patutsadang ito ni Tinio nang punahin niya ang uri ng mga sulatíng nalilikha diumano ng mga guro at mag-aaral. Kung pag-uulit din lamang naman daw ng mga nasabi na ang pinagsusumakitang maisulat, hindi hamak na lalong mainam pa kung itutuon ang pansin at ibubuhos ang lakas sa pagsasalin. Sa mismong pananalita niya:

There are academic activities which can be redirected for translation purposes—the term paper, the masteral thesis, the doctoral dissertation produced by students (which generally turn out to be no more than secretarial exercises since the average student can, at best, merely recycle ideas from secondary texts), and the “publish or perish” program of the faculty (crucial to the intellectual life of all universities but which, in the Philippines, has produced little life because the majority of professors are not capable of writing anything worth publishing; in fact, are writing less than their students).

(May mga akademikong aktibidad na maaaring ibaling sa mga layuning pagsasalin—ang papel sa pagtatapos ng termino, ang tesis masteral, ang disertasyong doktoral ng mga mag-aaral (na mga trabahong pang-eskribyente sa pangkalahatan sapagkat, sa ano’t anuman, ang karaniwang estudyante ay nakapagresesiklo lamang ng mga kaisipang hango sa mga sekondaryong teksto), at ang programang “maglathala o malipol” ng kaguruan (na napakahalaga sa intelektuwal na búhay ng mga unibersidad subalit walang kabuháy-búhay sa Filipinas sapagkat walang nasusulat na kalatha-lathala ang mga propesor na, sa totoo lang, mas madalang pang magsulat kaysa sa kanilang mga estudyante. (53, akin ang salin).

Maraming mabigat na implikasyon ang pahayag na ito ni Tinio, na sumasaklaw hindi lamang sa simpleng usapin ng pagsasalin sa akademya kundi maging sa kontekstong panlipunan, pampolitika, at pang-ekonomiya ng pagiging guro sa Filipinas. Mahirap asahang makatutupad ng mataas na kalibreng saliksik o makaakda ng kalatha-lathalang artikulo ang propesor na upang sumahod nang mas malaki buwan-buwan ay kailangang maglagare sa dalawa, tatlo, apat na pamantasan o humawak kada semestre ng anim hanggang labindalawang klase na may mahigit sa tig-aapatnapu ang bilang ng mga estudyante. Sadya ngang mahirap takasan ang pagtatakda ng materyal na kalagayan. Nasisilát ang lahat sa tagsalat.

Umabot sa sukduhan ang komentaryo ni Tinio nang sabihin niya kung ano lamang naman ang kailangan para makapagsalin:

Translation does not require the first-rate mind capable of original insight, the sole excuse for original writing. Since second-rate minds are also valuable and they outnumber the first-rate, there are countless potential translators among the vast student and faculty populations of academe.

(Hindi nangangailangan ang pagsasalin ng primera klaseng pag-iisip na may kakayahang bumuo ng orihinal na pananaw na tanging katwiran para sa orihinal na pag-akda. Dahil mahalaga rin ang mga segunda klaseng pag-iisip at higit na malaki ang bilang nila kaysa sa mga primera klase, marami

ang puwedeng maging tagasalin sa malaking populasyon ng mag-aaral at guro sa akademya. (53, akin ang salin).

Sa sinumang hindi bihasa sa ganitong pagbánat ni Tinio, pagkainsulto at pagpupuyos ang marahil maging reaksiyon dito. Mapararatanang siyang sobrang mapanghamak at walang pagsasaalang-alang sa realidad ng sitwasyon ng hinahamak. Ngunit, sa sinumang nakababatid sa parikala, mahihinuha na ang kabaligtaran ng kaniyang sinasabi ang kaniyang iginigiit. Hindi dapat maging salát sa pag-iisip sa kabila ng materyal na kasalatáng nanggigiyagis. At, hinggil sa pagsasalin, hindi tootoong segunda klaseng utak lamang ang kailangan sa ganitong gawain. Pagtawag ng pansin sa hindi pinapansin ang ganitong estratehiyang panretorika ni Tinio lalo pa't matapos na sabihin ito ay iginiit niya ang isang mahalagang pamantayan ng pagsasalin:

A bad translation—usually, the result of transliteration—is bad because of insufficient understanding of the original... A good translation should always make complete sense to one who only knows the language of translation.

(Ang masamáng salin—kadalasang bunga ng transliterasyon—ay masamá dahil sa di-sapat na pagkaunawa sa orihinal. Ang mabuting salin ay laging dapat na maging makabuluhan sa sinuman na tanging ang wika ng salin ang alam. (53, akin ang salin).

Matalas na pag-iisip ang nakalilikha ng sapat na pag-unawa sa anumang akda. Ito naman talaga ang nais sabihin ni Tinio. Ibig lamang naman niyang igiit na may disiplina ng pag-iisip na kailangan sa pagsasalin. Ang totoo, isang disiplina ang pagsasalin o, sa higit na espesipikong paraan, ang mga aralin sa pagsasalin (*translation studies*). Ibig sabihin, may láyon at método ito ng pag-aaral at may matatág na teoryang sumusuporta sa iba't ibang paraan ng pagsasapraktika nito. Gayundin, bilang disiplinang kaugnay ng iba pang mga disiplina, naapektuhan at nakaapekto ito sa pagsulong ng mga teorya at praktika sa iba pang mga lárang na naglaláyon ding lalong mapataas ang pag-unawa ng tao sa kaniyang sarili at sa relasyon niya sa kapuwa at sa mundong kaniyang ginágalawán.

Ayon kay Susan Bassnett, ang teoriko sa pagsasalin mulang Belgium na si André Lefevere ang nagpanukala noong 1978 na gamitin ang “Translation Studies” (Mga Aralin sa Pagsasalin) bilang pangalan sa disiplinang nauukol sa mga suliraning ibinubunga ng produksiyon at paglalarawan ng mga pagsasalin. Isang deklarasyon ng awtonomiya ang pagbibinyag na ito upang hindi ituring na hamak na sangay lamang ng mga aralin sa komparatibong literatura o ng lingguwistika ang pagsasalin at ang mga pag-aaral hinggil dito (Bassnett 14).

Tulad ng puná ni Tinio, may panahon ding minamaliit o tila pinagtataasan

lamang ng kilay ang salin at ang tagasalin sa Kanluran bilang mga tagapaglingkod ng orihinal na teksto at awtor. Ibig sabihin, dapat maging tapat ang tagasalin sa teksto sa mulaang wika (MW) upang ganap na maitawid sa tunguhang wika (TW) ang orihinal na kahulugan ng awtor. Sa ganitong paraan, sadyang nakikita ang mayakda bilang awtoridad na pinangangamuhan ng tagasalin. Sa wari, krimen ang paglabag o paglihis sa “tunay na kahulugan” ng awtor. At, tunay nga, ang isa sa mga unang teoriko ng pagsasalin, ang Frances na si Etienne Dolet (1509-46), ay nabitay dahil sa maling pagsasalin diumano ng isa sa mga diyalogo ni Plato, ang *Axiochus*. Sa tekstong Griyego, sinasabi na walang nalalabi kapag namatay ang tao. Sa salin ni Dolet, ganap na walang nalalabi kapag namatay ang tao na parang ipinahihiwatig na walang inmortalidad. Dahil dito, pinaratangan, nilitis, at binitay siya bilang isang erehe. Kamangha-manghang tila siya mismo ang naunang lumabag sa limang prinsipyo sa pagsasalin na inihanay niya sa kaniyang akdang *La manière de bien traduire d'unr langue en aultre* (Ang Mainam na Pagsasalin mula sa isang Wika Patungo sa ibang Wika):

1. Ganap na nauunawaan dapat ng tagasalin ang diwa at kahulugan ng orihinal na awtor bagaman may laya siyang maglinaw ng ilang kalabuan.
2. Ganap na may kaalaman dapat ang tagasalin sa mulaang wika at tunguhang wika.
3. Iwasan dapat ng tagasalin ang salita-sa-salitang pagtutumbas
4. Gumamit dapat ang tagasalin ng mga karaniwang anyo ng pananalita.
5. Piliin at isaayos dapat ng tagasalin ang mga angkop na salita upang malikha ang wastong himig. (63-64)

May mga nagsasabing si Dolet ang unang maituturing na “martir ng pagsasalin” at habang binibitay siya, marahil paulit-ulit na sinasambit ng mga naghatol sa kaniya ang popular na kasabihang Italiano, “*traduttore, traditore*” (tagasalin, taksil).

Dahil may kinalaman sa pagbabasá, sa wika nga ni Gayatri Spivak: “*the most intimate act of reading*” (ang pinakamatalik na paraan ng pagbása) (Spivak, sipi kay Arrojo 22). Kung tutuusin, higit na nakapailalim sa lárang ng semyotika ang pagsasalin. At mahihiram natin kay Susan Bassnett ang sumusunod na pagpapakahulugan o depenisyong ng pagsasalin:

What is generally understood as translation involves the rendering of a source language (SL) text into the target language (TL) so as to ensure that (1) the surface meaning of the two will be approximately similar and (2) the structures of the SL will be preserved as closely as possible but not so closely that the TL structures will be seriously distorted.

(Ang pangkalahatang nauunawaan bilang pagsasalin ay kinapapalooban ng paghiliipat ng teksto sa isang simulaang lengguwahe (SL) sa isang tunguhang lengguwahe (TL) upang matiyak na (1) magkapareho, humigit-kumulang, ang litaw na kahulugan ng dalawa at (2) hangga't maaari, mapananatiling kahawig ang mga estruktura ng SL bagaman hindi gayon kahawig na lubhang makasisira sa mga estruktura ng TL. (Bassnett 14, akin ang salin.).

Ito rin ang *interlingual translation* (interlingguwal na salin) o ang ikalawang uri ng pagsasalin na tinutukoy ni Roman Jakobson sa kaniyang kanonigong sanaysay na “On Linguistic Aspects of Translation” (Hinggil sa mga Aspektong Lingguwistiko ng Pagsasalin) (1959). Sa sanaysay ring ito, ang unang uri ng pagsasalin na kinilala niya ay ang *intralingual translation* (intralingguwal na salin) o ang pagpapalit ng salita sa iisang wika at ang ikatlo naman ay ang *intersemiotic translation* (intersemyotikong salin) na isang paghiliipat mula sa pasalitang sagisag tungo sa mga di-pasalitang sagisag (Jakobson 127).

Kapag ginamit natin, halimbawa, ang salitang “maalinsangan” upang ilarawan ang kondisyong may kinalaman sa temperatura ngayong tag-araw at may isang estudyante na napangangá sapagkat hindi bahagi ng kaniyang bokabularyo ang salitang ito, hahanap tayo ng paraan upang makapagpaunawa. Sa madali't salita, magsasalin tayo. Intralingguwal na salin ang ating gagawin kung sasabihin nating ang “maalinsangan” ay katumbas ng “mainit.” Kung nagkátáong medyo Inglesero pala ang ating kausap, mapipilitan tayong sabihin na ang “maalinsangan” ay katumbas ng “warm.” O, kung nangangastila pala siya, ang sasabihin natin ay “calor.” Sa ganitong paraan, nagsagawa na tayo ng interlingguwal na pagsasalin. Kung mangyayaring hindi pa rin maintindihan ng ating kausap ang “maalinsangan” sa kabila ng intralingguwal at interlingguwal na pagsasaling ginawa natin, mapipilitan tayong gumamit ng intersemyotikong pagsasalin. Maaaring imuwestra natin sa kaniya ang kahulugan ng “maalinsangan” sa pamamagitan ng matinding pagpapaypay at pagmulagat na parang hihimatayin o nagdedeliryo na tayo o kayâ naman ay tuluyan na tayong maglililis o maghuhubad ng damit upang ipakita ang katindihan ng init. Pag hindi pa rin niya tayo naintindihan, marahil sadyang may kakulangan siya sa pang-unawa at hayaan na lamang natin siyang mabilad at malusaw sa araw (Coroza 114-115).

Sa ganitong ilustrasyon, binibigyang-diin ang katotohanang bahagi ng ating pang-araw-araw na gawain ang pagsasalin. Wika ang sentro o ubod ng kulturang kinabibilangan natin. Nauunawaan at nagpapatuloy ang lahat sa pamamagitan ng wika. At, walang pagkakataong hindi tayo nagsasalin. Sa sandaling nagsisikap tayong unawain ang anuman, nagsasagawa tayo ng pagsasalin—intralingguwal man, interlingguwal man, o intersemyotiko man. Gayundin, lampas sa nakamihasnan natin na ang teksto ay ang mga nakasulat na binabása natin, ang kahit ano ay teksto, nakasulat man, nakaguhit, nakikita, naririnig, naaamoy, nalalalahan, o nahihipo.

Binabása o inuunawa natin ang lahat ng ating mga karanasan bilang teksto. Bagaman lagi nating nakikita bilang isang lingguwistikong aktibidad, lagi itong lampas sa pasalitang wika (101-108). Ayon muli kay Susan Bassnett:

Beyond the notion stressed by the narrowly linguistic approach, that translation involves the transfer of 'meaning' contained in one set of language signs into another set of language signs through competent use of the dictionary and grammar, the process involves a whole set of extra-linguistic criteria also.

(Lampas sa paniniwalang binibigyang-diin ng limitadong lingguwistikong pagdulog, na ang pagsasalin ay kinapapalooban ng paglilipat ng 'kahulugan' na nasa isang kalipunan ng mga sagisag-wika patungo sa ibang kalipunan ng mga sagisag-wika sa pamamagitan ng dalubhasang paggamit ng diksiyonaryo at gramatika, nakapaloob din sa proseso ang isang buong kalipunan ng mga pamantayang labas sa lingguwistika. (Bassnett 24).

Batayang kahingian sa pagsasalin, kung gayon, ang pagiging lublob sa karanasang naisawika o wika ng karanasan. Hindi sapat ang diksiyonaryo at ang mga batayang aralin sa estruktura ng pangungusap kung magsasalin ng kaisipang may mahigpit na kaugnayan sa karanasang pangkultura. Dito laging pumapalya ang *Google Translate* na paboritong sangguniin ng mga mag-aaral na nahihirapan diumano sa pagsulat ng kanilang mga akademikong papel sa Filipino.

Isang estudyante ko, halimbawa, ang minsang nag-ulat sa klase tungkol sa epikong *Labaw Donggon*. Nang sumapit ang pagbubuod niya ng kuwento tungkol sa dalawang anak na lalaki ni Labaw Donggon—sina Asu Mangga at Baranugon—inilarawan niya ang mga ito sa ganitong paraan: “Si Asu Mangga at Baranugon ay hating-kapatid.” Magkaiba kasi ang nanay ng dalawang anak na ito ni Labaw Donggon. Ang problema, salin ng teksto sa Ingles ang nabasa ng estudyanteng ito. Tulad ng maraming estudyante sa ngayon, natukso siyang gumamit ng *Google Translate*. At, ganito ang kaniyang nakitang salin ng pangungusap na *Asu Mangga and Baranugon are half-brothers*: “Asu Mangga at Baranugon ang half-kapatid na lalaki” (Coroza 116-118).

Walang lohikang pangkultura ang kasangkapang ito sa internet. May kalipunan lamang ito ng mga salita at batayang estruktura ng pangungusap na Filipino. Kayâ hindi nito naisalin nang wasto ang half-brothers. Nasa bokabularyo nito ang *brother* na katumbas sa Filipino ng “kapatid na lalaki.” Nalito na siguro ito kayâ hindi na naisalin ang salitang *half* gayong katumbas lamang naman talaga ito ng “hati” o “kalahati.” Walang pantukoy na “si” sa salin ng *Google Translate*, ngunit minarapat lagyan ng estudyante. Natuto naman pala siya ng kaunting gramatika. Kaso, mali pa rin sapagkat dalawang tao ang tinutukoy kayâ “sina” dapat ang ginamit niya (116-118).

Dahil hindi naisalin, tiningnan ng estudyante ang salitang “half” sa diksiyonaryo, na marahil online din. Ang nakuha niyang katumbas ay “hati.” Marahil, narinig niya sa isang patalastas na sikat dati ang ekspresyong “hating-kapatid.” At, bunsod ng malaking kagalakan dahil may mina siyang natagpuan, buong pagmamalaki niyang idineklara: “Si Asu Mangga at Baranugon ay hating-kapatid” (116-118).

Ang problema, dahil ekspresyong idyomatiko, iba ang kahulugan ng “hating-kapatid.” May kinalaman ito sa paraan ng paghahati ng dalawa o higit pang tao sa isang bagay tulad ng lupain, pagkain, kagamitan, atbp. Pag sinabing “hating-kapatid tayo,” walang lámangan dapat sa paghahatian. Wala itong kinalaman sa pagkakaroon ng iisang ama at magkaibang ina ng dalawang tao. Paano nga ba niya dapat isinalin ang pangungusap (116-118)?

Kung hindi isasaalang-alang ang konteksto ng istorya ni Labaw Donggon at ng kaniyang mga anak, maaaring may magsabi ng ganito: “Sina Asu Mangga at Baranugon ay magkapatid sa labas.” Ngunit, ang pariralang “sa labas” ay tumutukoy sa pagkakaroon ng anak sa konteksto ng isang kasal Katoliko. Ang mga nanay nina Asu Mangga at Baranugon na sina Ginbitinan at Durunoon ay kapuwa pinakasalan ni Labaw Donggon. Kayâ ganito ang pinakamainam na salin ng pangungusap na ito: “Sina Asu Mangga at Baranugon ay magkapatid sa ama” (110).

Nitong nakaraang mahigit apat na dekada, sa pamamagitan ng mga pagteteorya, napalaya ang pagsasalin sa hamak na pagtuturing na tagapaglingkod lamang ng awtor/awtoridad. Hindi na lámang nagtatakda kung paano dapat magsalin sa mga kontemporaneong teorya sa pagsasalin. Sinisikap lumikha ng mga pag-unawa hinggil sa masalimuot na proseso ng pagsasalin na determinado o natatakda ng mga kontekstong panlipunan, pampolitika, pang-ekonomiya, at iba pa. Ibig sabihin, nalinang na ito bilang disiplinang nakapag-aambag sa pag-unawa ng tao sa kaniyang sarili at sa kaniyang kinapapaloobang sitwasyon sa mundo tungo sa pagtuklas ng mga pamamaraang magtutulak ng kaniyang ibayong pagbabago at pag-unlad.

Kinikilala na ngayon ang pagsasalin bilang muling pag-akda sa tunguhang wika. Ibig sabihin, awtor din ang tagasalin. Sabi nga ni Walter Benjamin: “*To set free in his own language the pure language spellbound in the foreign language, to liberate the language imprisoned in the work by rewriting it, is the translator’s task*” (Ang palayain sa kaniyang sariling wika ang wikang wagas na sakmal ng banyagang wika, ang palabasin ang wikang napipiit sa akda sa pamamagitan ng muling pag-akda rito ang tungkulin ng tagasalin) (Benjamin 82, akin ang salin).

May wikang wagas na tinutukoy si Benjamin. Hindi ito simpleng mensahe o kahulugan. Isa itong kung ano na nasa akda, esensiya marahil, ngunit hinahanap ito ng tagasalin sa sarili niyang wika upang umalingawngaw dito ang orihinal na akda. Natatagpuan ng tagasalin ang intensiyon ng orihinal sa wikang pinagsasalinan. At, marahil ganito ang natagpuan ni Bonifacio sa pagsasalin niya sa Tagalog ng “Ultimo

Adios” ni Jose Rizal. Tingnan natin ang unang sакnong ng orihinal na akda sa Español ni Rizal at ang unang dalawang sакnong ng salin ni Bonifacio:

*Adios, Patria adorada, region del sol querida,
Perla del Mar de Oriente, nuestro perdido eden,
A darte voy alegre, la triste mustia vida;
Y fuera mas brillante, mas fresca, mas florida,
Tambien por ti la diera, la diera por tu bien.* (Rizal 180)

Pinipintuho kong Bayan ay paalam
lupang iniirong ng sikat ng araw,
mutyang mahalaga sa dagat Silangan
kaluwalhatiang sa ami’y pumanaw.

Masayang sa iyo’y aking idudulot
ang lanta kong buhay na lubhang malungkot
maging maringal man at labis alindog
sa kagalingan mo ay akin ding handog. (Bonifacio 183)

Sa sinumang hindi nakakaintindi ng Español, walang ibang puwedeng gawin kundi ang lubos na magtiwala sa salin ni Bonifacio. Ito na ang sinasabi ni Rizal. Gayunman, sa nakakaintindi ng Español, mahahalatang may tinanggal at pinalitan si Bonifacio sa orihinal na teksto ni Rizal. Sa anyo pa lamang ng sакnong, halimbawa, ang dami na ng nabago. Ang isang sакnong na may anyong alejandrino ni Rizal ay tinumbasan ni Bonifacio ng dalawang sакnong na hawig sa mga sакnong ni Balagtas. Gayundin, nawawala sa salin ang “eden,” ang naglahong paraiso sangayon sa Heneasis ng mga Kristiyano. Sa Español, ang bayang minamahal ng persona ang nawawalang paraiso na isang perlas sa Dagat Silangan (“Perla del Mar de Oriente, nuestro perdido eden). Sa salin, sapat nang sinabi na ang bayang ito ng persona ay “mutya” (perlas) na “mahalaga sa dagat silangan” at ito rin ang “kaluwalhatiang sa ami’y pumanaw.”

Inihalili ni Bonifacio ang “kaluwalhatian” sa “eden.” Hindi maipagkakaila na isa itong pagsasakatutubo ng konseptong paraiso ng mga Kristiyano. O, higit sa lahat, isang pagtatakwil sa pananampalatayang dayo. Gayunman, kapag ang ikaapat na taludtod lamang ng unang sакnong ng salin ni Bonifacio ang tiningnan: “kaluwalhatiang sa ami’y pumanaw,” may nalilikha itong ibang bisà na wala sa orihinal. Ang payak na paglalarawan ng bayang minamahal ng persona sa orihinal na Español ni Rizal ay naging deklarasyon ng pagpapakabayani sa salin ni Bonifacio: “kaluwalhatiang sa ami’y pumanaw.” Hindi na lamang ito ang nawalang paraiso o langit. Bilang isang linya, na maihihiwalay o maaaring intindihin nang kabukod sa ibang mga linya, inihahayag nito na “ang kaluwalhatian (langit o paraiso) para sa amin ay ang mamatay (para sa bayan).”

Hindi lamang ito kaso ng limitasyong dulot ng kahingiang tugma at sukat sa anyo ng tulang ginamit sa pagsasalin ni Bonifacio. Naunawaan at higit pa sa naunawaan ni Bonifacio si Rizal. O, naniniwala ako, higit na tamang sabihin na naunawaan ni Rizal si Bonifacio kayâ naisalin ni Bonifacio ang tula ni Rizal. Napakawalan o napalaya ni Bonifacio ang wikang wagas—na tinutukoy ni Benjamin—at napipiit sa tula sa wikang Español ni Rizal. Ituring mang kalabisan, hindi maipagkakaila na pinatutunayan ito ng ibayong pag-igting ng Rebolusyong Filipino na pinamunuan ni Bonifacio matapos mapatay si Rizal.

Ang totoo, lumikha si Bonifacio ng sarili niyang teksto sa muling pag-akda na ginawa niya sa tula ni Rizal. Isang bagong teksto o isang metateksto. At, ibig ko ngayong ipalagom sa paborito kong makata na si Octavio Paz ang kabalintunaan na **isang orihinal ang salin** na tulad nitong ginawa ni Bonifacio:

Each text is unique, yet at the same time it is the translation of another text. No text can be completely original because language itself, in its very essence, is already a translation—first from the nonverbal world, and then, because each sign and each phrase is a translation of another sign, another phrase. However, the inverse of this reasoning is also entirely valid. All texts are originals because each translation has its own distinctive character. Up to a point, each translation is a creation and thus constitutes a unique text.

(Natatangi ang bawat teksto, ngunit isang salin din ito ng ibang teksto. Walang tekstong ganap na orihinal sapagkat mismong ang wika, sa tunay na kahulugan nito, ay isang salin—una mula sa di-pasalitang daigdig, at pagkatapos, sapagkat bawat sagisag at ang bawat parirala ay isang salin ng ibang sagisag, ibang parirala. Gayunman, katanggap-tanggap din ang kabaligtaran ng ganitong pangangatwiran. Orihinal ang lahat ng teksto sapagkat bawat salin ay may sariling katangiang mapagkakakilanlan. Hindi man lubusan, isang likha ang salin kayâ nagiging isang natatanging teksto. (Paz 154, akin ang salin).

Sa ganitong balintunang katotohanan, may magiging malinaw na dikotomiya pa kayâ ang orihinal at salin? Sino ang nagtataksil at sino o ano ang pinagtataksilan?

Bakâ dapat nang matutuhan nating tanggapin at ihingi ng paumanhin ang sari-sarili nating mga pagtataksil.

MGA AKDANG PINAGSANGGUNIAN

- Arrojo, Rosemary. "Translation and Impropriety: A Reading of Claude Bleton's Les Negres du Traducteur." *Translation Inaugural Issue* (2011): 22-23. Print.
- Bassnett, Susan. *Translation Studies, 4th ed.* London; New York: Routledge, 2014. Print.
- Benjamin, Walter. "The Translator's Task." salin ni Steven Rendall. *The Translation Studies Reader, 3rd Ed.* Pat. Lawrence Venuti. London; New York: Routledge, 2012. 75-83. Print.
- Bonifacio, Andres, Tagasalin. "Huling Paalam." *Rizal: Makata*. Pat. Virgilio S. Almario. Mandaluyong: Anvil Publishing, Inc., 2011. 183-187. Print.
- Coroza, Michael M. "Ang Pagsasalin bilang Pagsasanay at Kasanayan." *Introduksiyon sa Pagsasalin: Mga Panimulang Babasahin hinggil sa Teorya at Praktika ng Pagsasalin*. Pat. Virgilio S. Almario. Maynila: Aklat ng Bayan, Komisyon sa Wikang Filipino at National Commission for Culture and the Arts, 2015. 113-128. Print.
- Jakobson, Roman. "On Linguistic Aspects of Translation." *The Translation Studies Reader, 3rd Ed.* Pat. Lawrence Venuti. Londres at Nueva York: Routledge, 2012. 126-131. Print.
- Paz, Octavio. "Translation: Literature and Letters." Salin ni Irene del Corral. *Theories of Translation: An Anthology of Essays from Dryden to Derrida*. Mga pat. Rainer Schulte at John Biguenet. Chicago; London: The University of Chicago Press, 1992. 152-162. Print.
- Rizal, Jose, "Ultimo Adios." *Rizal: Makata*. Pat. Virgilio S. Almario. Mandaluyong: Anvil Publishing, Inc., 2011. 180-182. Print.
- Tinio, Rolando S. *A Matter of Language: Where English Fails*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1990. Print.